



*Luyung Baybay* mula sa Mitolohiya ng Panay  
**MARRZ HALLEY CAPANANG**

Si Luyung Baybay ang diyosa na namamahala sa taog at kati ng tubig sa dagat, ayon sa mitolohiya ng Panay.

# HUMADAPNON at DUMALAPDAP ng Hinilawod ng Sulod ng Panay

Mapapaisip si Humadapnon ng Pan-ay na tumatanda na siyang walang Masawa. Ngunit wala naman kasi siyang nakikitang karapat-dapat para sa kanya sa kanilang bayan. Kukunsultahin niya sina Taghuy at Duwindi, mga kaibigan niyang espiritu. May kilala silang karapat-dapat na dalaga para sa kanya, si Nagmalitong Yawa, anak nina Labaw Donggon at Matan-ayon. Hindi sila nakatira sa kataas-taasan ng langit, ni hindi sa kailaliman ng Lupa, kung hindi sa pagitan kung nasaan ang mga ulap. Sunod na maisip ni Humadapnon na kung maglalakbay siya upang hanapin ang nasabing dalaga, kailangan niya ng kasama. Lalapit siya sa kanyang kapatid na babaylan, si Labing Anyag, upang magpatulong. Sabay nilang pupuntahan ang mga magulang nilang sina Burulakaw, ama, at Ginbitinan, ina. Hahaluin nila sa isang pinggan ang tiganim na patak ng kanilang dugo. Magdadasal si Labing Anyag at magiging si Dumalapdap ang magkakahalo nilang dugo. Sasanayin muna ni Humadapnon si Dumalapdap sa pakikipagdigma bago sila maglayag. Tuwing mapapatay ni Humadapnon si Dumalapdap sa pagsasanay, bubuhayin naman siya ni Labing Anyag. Bago umalis sina Humadapnon at Dumalapdap, babalaan muna sila ng mga magulang nila na huwag masyadong papalaot ang gintong bapor nila sa gitna ng dagat at baka maligaw sila sa kinatatakutang Isla ng Tarangban. Wala nang nakabalik na sinumang tao kapag nagagawi sa nasabing isla. Ganoon din ang magiging babala sa kanila ng tiyuhin nilang Sarandihon na dadaanan at bibisitahin nila sa kanilang paglalayag.

Ngunit hindi makikinig si Humadapnon sa kanilang mga babala. Mag-aalala sa kanya si Dumalapdap. Magagawi nga sila sa isla ng Tarangban. Makikita sila ni Sinangkating Bulawan, ang pinuno ng mga babaeng nakatira doon. Tutuksuhin niya si Humadapnon. Nang hindi umubra ang kanyang mga tukso, palalabasin niya ang mga babae ng Tarangban. Lalabas silang lahat, libo-libo at umaabot ng milyon. Nang hindi matukso si Humadapnon sa dami ng mga babae, palalabasin ni Sinangkati si Lubay Hanginon, ang pinakabunso at pinakamaganda sa kanila. Makukuha pa sanang tumanggi ni Humadapnon pero gagamitan siya ng kapangyarihan ni Lubay Hanginon. Hindi niya alam kung bakit hindi niya malimot-limot ang dalaga. Magmamakaawa si Humadapnon kay Dumalapdap na payagan siya nitong bumaba ng barko. Nang huwag mapahiya ang nakatatanda niyang kapatid, papayagan ni



*Dumalapid*  
WALDZ VILLANUEVA

Dumalapdap si Humadapnon. Dudumugin si Humadapnon ng mga babae ng Tarangban. Hahanapin niya si Lubay Hanginon at makikipagtalik dito sa loob ng kuweba nitong tirahan. Ngunit pagkatapos, maaalala ni Humadapnon ang tunay na pakay niya sa kanyang paglalakbay. Maririnig niyang tinatawag siya ni Dumalapdap sa may pinto ng Tarangban. Gagamitan niya ng pampatulog si Lubay Hanginon upang makatakas siya. Ngunit aabutan siya nina Sinangkati at Lubay Hanginon sa may pintuan. Paguguhin ng dalawang babaylan ang kuwebang pinto ng Tarangban at makukulong sa loob si Humadapnon.

Mapapahiya rin maging si Dumalapdap sa nangyari kay Humadapnon. Tungkulin niyang alagaan ang kanyang nakatatandang kapatid. Babalik siya sa Pan-ay nang nakasakay kay Hangin. Iiwan niya ang gintong bapor dahil baka may umagaw sa kanya nito at hindi niya maipagtanggol dahil hindi pa siya magaling sa pakikipaglaban. Uuwi siya upang humingi ng tulong kina Burulakaw at Ginbitinan. Ngunit wala ring bisa ang kapangyarihan ng mga magulang ni Humadapnon sa mga babae ng Tarangban. Tatawagin nila ang lahat ng maaaring makaligtas kay Humadapnon. Kapag lalaki ang makaligtas sa kanya, bibigyan nila ng mga mamahaling bato at iba pang yaman. Kapag babae naman ang makaligtas sa kanya, pakakasalan siya ni Humadapnon. Ngunit hindi rin uubra ang lahat ng kapangyarihan nila sa mga babae ng Tarangban. Sina Taghuy at Duwindi ang muling makakaalala na maaari silang humingi ng tulong sa mismong babaeng pakay sana ni Humadapnon sa paglalakbay niya. Siya si Nagmalitong Yawa na pinakamagaling sa mga babaylan. Utusan ni Dumalapdap si Hangin na hingan ng tulong si Nagmalitong Yawa. Si Hangin lamang ang nakaaalam na nakatira siya sa bungad ng bayan ng Handog.

Dahil kahiya-hiya, sasabihin na muna ni Hangin na ang nakatatandang kapatid na lalaki ni Nagmalitong Yawa, si Asu Ginlawudan, ang nabitag sa kuweba ng Tarangban. Isasagot ni Nagmalitong Yawa na dapat si Labing Anyag ang hingan nila ng tulong. Dahil ang kapatid na babae ni Humadapnon ang ipinagkasundong ipakasal kay Ginlawudan. Ngunit nanghihina na si Labing Anyag, pagsisinungaling ni Hangin, sa tatlong taong pagkakakulong ni Ginlawudan. Ihahanda ni Nagmalitong Yawa ang kanyang paraniyakan, sisidlan ng mga gayuma. Saka lamang ipagtatapat ni Hangin ang totoo. Ayaw tumulong ni Nagmalitong Yawa nang malaman niya ang katotohanan. Kakausapin siya nina Taghuy at Duwindi. Magbabanta silang iiwan siya ng mga kaibigan niyang espiritu kapag hindi tumulong. Papayag si Nagmalitong Yawa. Ngunit kukunsultahin na muna niya ang kanyang kudyapi at gitara, na sasabihan naman siyang magiging matagumpay siya. Magpapanggap si Nagmalitong Yawa bilang lalaki, si Sunmasakay. Gagawin niyang babae ang kanyang unan, dahil baka silipin siya ni Matan-ayon, kanyang nanay, sa kanyang kuwarto. Makikilala lamang si Nagmalitong Yawa sa kanyang amoy na

binukot, o itinagong prinsesa. Sasakyan niya ang kalasag na ililipad ni Hangin pabalik sa Tarangban. Sina Dumalapdap at Dulumbanwa ang asalubong kay Sunmasakay nang hindi mahalata nina Burulukaw at Ginbitinan ang tunay na pagkatao ni Sunmasakay. Gagamitin ni Sunmasakay ang kanyang pamlang upang tawagin ang kidlat na gigiba sa pinto ng Tarangban. Nang mawasak ang kuweba ng Tarangban, maglalabasan ang lahat ng mga babae at tutuksuhin nilang lahat si Sunmasakay. Ngunit, papatayin silang lahat ni Sunmasakay. Matatagpuan niyang hubad si Humadapnon sa loob ng kuweba. Wala na si Humadapnon sa kanyang katinuan at nasa ilalim pa rin ng kapangyarihan ni Lubay Hanginon. Kakaladkarin ni Sunmasakay palabas ng kuwerto si Lubay Hanginon, bibitayin at sasaksakin. Ngunit kahit patay na si Lubay Hanginon parang ulol na hayop pa rin si Humadapnon. Ni hindi niya makilala si Dumalapdap na lalapain sana niya. Tatalian siya ni Dumalapdap ng gintong lubid sa leeg at kakaladkarin palabas ng kuweba. Makakabalik lamang sa dati niyang pagkatao si Humadapnon sa pamamagitan ng paghahalo-halo muli ng mga dugo nina Burulukaw, Ginbitinan, Labing Anyag at Dumalapdap. Nakihalo ng dugo pati si Sunmasakay. Tutulong pati ang lahat ng kaibigang espiritu upang makahanap ng tubig ng Abangay na makapagpapanumbalik ng buhay ni Humadapnon. Tubig ng kaligayahan ang tubig ng Abangay mula sa ikapitong antas ng langit. Pagkatapos ng lahat, babalik sa dati niyang anyo bilang babaylan si Nagmalitong Yawa. Ngunit pagsasabihan na muna niya sina Ginbitinan na huwag ipagtatapat kay Humadapnon na siya ang nagligtas dito. Aakyat si Nagmalitong Yawa sa binanugan na dating tirahan ng mga babae ng Tarangban. Muling mapupuno ng mga babae ang binanugan ngunit paalisin silang lahat ni Nagmalitong Yawa dahil ayaw niyang nagpapagambala.

**Sanggunian:**

Hugan-an, tagapag-awit. *Hinilawod: Adventures of Humadapnon: Tarangban*  
I. Itinala at isinalin ni F. Landa Jocano. Manila: Punlad Research House, 2000.